# Patakaran sa Tulong Pinansyal - Buod sa Simpleng Pananalita

**Mayo Clinic at Mga Kaakibat na Ospital at Klinika**

Financial Assistance Policy – Plain Language Summary (Tagalog)
Mayo Clinic and Affiliated Hospitals and Clinics

## Inaalok na Tulong Pinansyal

Naghahatid ang Mayo Clinic ng pinakamagandang pangangalaga para sa bawat pasyente at nag-aalok ng tulong pinansyal sa mga pasyente na hindi makabayad para sa emergency o kinakailangang medikal na pangangalaga.

## Mga Kinakailangan Para Maging Kuwalipikado at Inaalok na Tulong

Nirerepaso ng Mayo Clinic ang maraming salik para magpasya kung karapat-dapat ka para sa tulong pinansyal. Kabilang dito ang medikal na kondisyon mo, ang uri ng kailangang medikal na pangangalaga, ang insurance mo, at iba pang mga pinagmumulan ng pagbabayad tulad ng mga paghahabol sa personal na pinsala, lahat ng uri ng pinagkakakitaan ng sambahayan mo, laki ng pamilya, mga ari-arian ng sambahayan, at anumang mga espesyal na isyu na gusto mong maisaalang-alang.

Maaaring available ang tulong pinansyal anuman ang insurance mo. Nakabatay ang antas ng tulong pinansyal sa kakayahan mong mabayaran ang mga sinisingil. Pero hindi available ang tulong pinansyal para sa lahat ng medikal na pangangalaga, gaya ng pagpaparetoke, mga paggamot sa pagbubuntis, gastric bypass, at mga item sa kaginhawaan ng pasyente. Hindi ka makakakuha ng tulong pinansyal para sa hindi emergency na pangangalaga kung wala sa network ang Mayo Clinic sa insurance mo. Maaaring makakaapekto sa pagiging karapat-dapat mo ang pagkamamamayan, paninirahan, at katayuan ng visa mo.

Kung kasalukuyan kang nakatala sa Medicaid o Tulong Medikal, maaaring ipagpalagay kang karapat-dapat sa tulong pinansyal. Maaari ding ipagpalagay kang karapat-dapat batay sa ibang impormasyong alam ng Mayo Clinic. Aabisuhan ka ng Mayo Clinic kung nalalapat ang pagpapalagay ng pagiging karapat-dapat.

Kung hindi ka ipinagpalagay na karapat-dapat, dapat kang ganap na makipagtulungan sa proseso ng aplikasyon, kabilang ang pagsusumite ng mga pagbabayad ng buwis, mga pahayag ng bangko, at mga stub ng pagbabayad. Dapat kumpletuhin mo ang isang aplikasyon para sa Medicaid o Tulong Medikal, o ibang mga uri ng insurance sa pamamagitan ng pagpapalitan ng insurance ng kalusugan ng estado. Tingnan ang buong patakaran sa Tulong Pinansyal para sa higit pang mga detalye.

## Kung Paano Mag-apply Para sa Tulong Pinansyal

Puwede kang magsabi o ang ibang taong nasa pangangalaga mo, gaya ng miyembro ng pamilya o tagapagkaloob, ng mga problema anumang oras sa panahon ng pangangalaga mo. Hihimukin ka na ngayong kumumpleto ng aplikasyon sa tulong pinansyal, kung kinakailangan.

Nalalapat lamang ang tulong pinansyal sa medikal na pangangalang natanggap mo sa isang lokasyon ng ospital ng Mayo Clinic sa pamamagitan ng kawani ng Mayo Clinic. Hindi masasaklaw ang mga gastos gaya ng paglalakbay, pagkain, tuluyan, medikal na kagamitan, at mga reseta sa ilalim ng Patakaran ng Tulong Pinansyal. Pinoprotektahan ng Mayo Clinic ang pagiging kumpidensyal at dignidad mo sa panahon ng prosesong ito. Tatratuhing protektadong impormasyon sa kalusugan ang anumang impormasyong ibinigay mo sa ilalim ng Health Insurance Portability and Accountability Act (HIPAA).

## Kung Saan Makakakuha ng mga Kopya

Maaari kang makakuha ng Patakaran sa Tulong Pinansyal at Aplikasyon ng Mayo Clinic nang libre sa pamamagitan ng pagtawag sa Mga Serbisyo sa Account ng Pasyente sa 1-844-217-9591 at paghiling ng isang kopya sa pamamagitan ng koreo o email. Puwede ring i-download online at i-print ang patakaran at aplikasyon. Para sa Arizona, Florida, at Rochester, bisitahin ang mayoclinic.org/financialassistance, at para sa mga lokasyon ng Sistema ng Kalusugan ng Mayo Clinic, bisitahin ang mayoclinichealthsystem.org/financial-assistance. Available din ang mga kopya ng patakaran at aplikasyon sa mga lugar ng mga Serbisyo ng mga Pag-admit at Negosyo para sa lahat ng ospital, klinika at mga lokasyon ng kagawaran ng emergency ng Mayo Clinic.

## Kontak para sa Impormasyon at Tulong

Maaaring makuha ang karagdagang impormasyon tungkol sa Patakaran ng Tulong Pinansyal at tulong sa proseso ng aplikasyon mula sa Mga Serbisyo sa Account ng Pasyente:

- Online para sa Arizona, Florida, at Rochester sa mayoclinic.org/financialassistance at para sa mga lokasyong ng Sistema ng kalusugan ng Mayo Clinic sa mayoclinichealthsystem.org/financial-assistance.
- Maaari mo ring tawagan ang 1-844-217-9591, o bisitahin ang lokal na Serbisyo sa Pagrehistro at Negosyo.

©2024 Mayo Foundation for Medical Education and Research

MC5815-26TArev0524

## Para sa mga Hindi Nakakapagsalita ng Ingles

Available ang mga salin ng Patakaran ng Tulong Pinansyal, Aplikasyon ng Patakaran ng Tulong Pinansyal, at ang Buod sa Simpleng Pananalitan para sa Arizona, Florida, at Rochester sa mayoclinic.org/financialassistance, at para sa mga lokasyon ng Sistema ng Kalusugan ng Mayo Clinic sa mayoclinichealthsystem.org/financial-assistance.

## Hindi Mahigit sa Halagang Karaniwang Sinisingil (Amount Generally Billed, AGB)

Kung karapat-dapat ka sa tulong pinansyal, hindi ka maaaring singilin ng higit sa halagang karaniwang sinisingil para sa emerhensiya o ibang medikal na kinakailangang pangangalaga sa mga pasyenteng mayroong insurance.